# Bagong 1-storey ward ng Labo District Hospital pinasinayahan sa kaarawan ni Gob. Egay











Pinangunahan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang pagpapasinaya sa bagong gawang 1-palapag na *ward* (seksyon) ng *Labo District Hospital (LDH)* sa Brgy. Talobatib, Labo, Camarines Norte. Nakasama niya rito sina Bokal Ruth Marie F. Herrera ng Sangguniang Panlalawigan, *Executive Asst. IV* Jose G. Boma, *Provincial Health Officer Dr.* Arnulfo G. Salagoste, *LDH Chief of Hospital Dr.* Vernon A. Banal at *Provincial Engineer* Cesar C. Paita.

Dumalo si Gob. Tallado sa naturang okasyon na idinaos noong Hulyo 19, 2011 sa kabila ng pagpatak nito sa petsa ng kanyang kaarawan at araw pa ng Sabado. Isa itong matibay na patunay na tinutupad ng gobernador ang kanyang pangako na matapat at masipag na paglilingkod ang ihahandog niya sa kanyang mga kababayan.

Nag-inspeksyon din si Gob. Tallado sa kabuuan ng *LDH* sa layuning makita ang tunay na

(Sundan sa pahina 2)

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

**Bantayog**

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 2, BLG. 3 DAET, CAMARINES NORTE HULYO, 2011
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte" Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



GOB. EDGARDO A. TALLADO

**nasa loob**
EDITORYAL 4
TRAVELLER'S BLOG 5

# 5 serye ng caravan isinagawa para sa buwan ng Hulyo

Walang kapagurang ipinatutupad ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado sa buong Lalawigan ng Camarines Norte ang *Provincial Multi-Services Caravan* (Aprub Ka Egay! sa Serbisyo Publikong Tunay!) katuwang si *Provincial Legal Officer Atty.* Sim O. Mata, Jr. na siyang *caravan project coordinator*. Katulong din niya sa *caravan* si Bise Gob. Jonah G. Pimentel kasama ang mga hepe ng iba't-ibang tanggapan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte.

Aktibo ring nakikibahagi sa *caravan* ang butihing maybahay ng gobernador na si Gng. Josie Baning-Tallado na tumutulong maging sa pagbibigay ng libreng gupit, *hair dye* at *hot oil treatment* sa mga taga-barangay.

Nakapagsagawa ng limang serye ng *caravan* ang grupo ni Gob. Tallado ngayong buwan ng Hulyo kung saan umabot sa 18,425 katao ang nabenepisyuhan ng programa. Sa unang araw ng Hulyo 2011, idinaos ang *caravan* sa Brgy. Man-Ogob sa





bayan ng San Vicente; Hulyo 8 – Brgy. Alawihao, Daet; Hulyo 15 – Brgy. Exciban, Labo; Hulyo 22 – Brgy. Mantagbac, Daet, at Hulyo 29 – Brgy. Fundado, Labo.

Batay sa ulat ng iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan, umabot sa 3,314 residente mula sa walong (8) barangay ng San Vicente ang napagsilbihan sa *caravan* na kinabibilangan ng Asdum, Cabanbanan, Silangan, Kanluran, Calabagas, San Jose, Iraya Sur at Fabrica. Mula sa mga barangay ng Alawihao, Dogongan at Lag-on sa bayan ng Daet, nabenepisyuhan naman ang may 3,471-katao.

Susog sa nakalap na ulat, umabot sa bilang na 4,172 indibidwal naman

(Sundan sa pahina 2)

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# ATI Bicol Region nagbigay ng P80-L para sa livelihood projects ng Green Sunrise 4-H Club

Pinagkalooban kamakailan ng *Agricultural Training Institute (ATI) Bicol Region* ng pondong umaabot sa P80,000.00 ang *Green Sunrise 4-H Club* para sa pangkabuhayang proyekto nito. Nakapaloob ito sa *4-H Livelihood Program* na ipinatutupad ng *ATI* sa iba't-ibang panig ng bansa.

Ang nasabing halaga ay ginamit ng *Green Sunrise 4-H Club* sa pagbili ng apat (4) na babaeng baka. Kasama sa tumanggap ng tig-iisang alagaing babaeng baka ang pangulo ng samahan na si Jay Caro; Noli Caro—pangalawang pangulo, at mga miyembro nito na sina Michael Ramos at Annie Maesa.

Ang mga benepisyaryo ng programa ay pinili alinsunod sa mga sumusunod na pamantayan: 1) aktibong kasapi ng *Green Sunrise 4-H Club*; 2) may angkop na lugar na pag-aalagaan, at 3) may sapat na kaalaman sa pag-aalaga ng baka.

Sa ilalim ng proyekto, ang una at pangalawang anak ng inahing baka ay ipagbibili. Ang kalahati ng halaga ng pinagbilhan ay ibabayad ng benepisyaryo sa *Bicol 4-H Federation*, at ang natitirang kalahati ay para sa nag-alaga. Ang pangatlong anak ay maiiwan sa nag-aalaga habang ang inahin ay ipagkakaloob sa ibang kasapi. Ang proseso ay mauulit-ulit para mas marami ang makinabang sa programa.

Ang malilikom na pondo ng *Bicol 4-H Federation* ang magiging *roll-over fund* na ipahihiram naman sa iba pang aktibong *4-H Clubs* ng Rehiyong Bikol. Batay sa ebalwasyon na ginawa ng *ATI* kamakailan, naging kapaki-pakinabang ang *4-H Livelihood Program* sapagkat natutunhan ng mga benepisyaryo ang tamang pagtatala ng kanilang mga gastusin at kinita lalo na ang pagtupad sa kasunduan na pagbabayad ng hiniram na puhunan.

Tinatayang nakatulong din ang proyekto para magamit ng mga kabataan ang kanilang oras sa makabuluhang bagay gaya ng pag-aalaga ng baka sa halip na sa paglilibang at/o pamamasyal. ***H. B. ABORDO***

# 5 serye ng caravan ...

*(Mula sa pahina 1)*

mula sa mga barangay ng Exciban, Daguit, Macogon, Bagong Silang I-III, Dumagmang at Submakin sa bayan ng Labo ang tumanggap ng iba't-ibang serbisyo mula sa grupo ni Gob. Tallado. Samantala, umabot naman sa 3,835 ang naging benepisyaryo sa idinaos na *caravan* para sa mga barangay ng Mantagbac, Brgy. V, VI at VIII sa bayan pa rin ng Daet.

Napaglingkuran pa ring muli ng grupo ni Gob. Tallado ang kanyang mga kababayan sa Labo na mula sa mga barangay ng Fundado, Bulhao, Awitan, Bagacay, Cabusay, Sta. Cruz at Bakiad.

Patuloy ring tumutulong sa pagbibigay ng libreng bunot ng ngipin sa mga mahihirap na taga-barangay ang mga doktor ng *Philippine Army (PA)*.

Narito ang talaan ng mga serbisyong ipinagkaloob ng grupo ni Gob. Tallado sa 5-serye ng *caravan* ngayong Hulyo 2011 at ang bilang ng mga naging benepisyaryo nito:

| | Man-Ogob, San Vicente Hulyo 1, 2011 | Alawihao, Daet Hulyo 8, 2011 | Exciban, Labo Hulyo 15, 2011 | Mantagbac, Daet Hulyo 22, 2011 | Fundado, Labo Hulyo 29, 2011 |
|---|---|---|---|---|---|
| Libreng Tsek-Apl/Gamot/Bitamina | 872 | 1,039 | 1,408 | 1,325 | 1,322 |
| Bunot ng Ngipin | 245 | 206 | 170 | 242 | 197 |
| *Blood Typing* | 60 | 38 | 178 | 220 | |
| *Reading Glasses* | 480 | 490 | 530 | 246 | 251 |
| *Reflexology/Massage Services* | 35 | 51 | 58 | 71 | 51 |
| Lugaw ni *Warden* | 610 | 613 | 840 | 651 | 1,322 |
| Pantanim na Bungang-Kahoy | 60 | 60 | 60 | 70 | 48 |
| Pantanim na Butong-Gulay/cert. seeds | 91 | 120/10 bags | 153 | 150 | 150 |
| *Tilapia/Bangus Fingerlings* | 16 | 10 | 15 | 0 | 11 |
| *Cooking Demo on Fish Recipes* | 94 | 33 | 77 | 45 | 73 |
| Pantanim na Punungkahoy | 70 | 70 | 80 | 70 | 71 |
| *Anti-Rabies Vaccines/Medicines/Vitamins* | 107 | 45 | 125 | 37 | 37 |
| *Animal Dispersal (Piglets)* | 3 | 4 | 5 | 3 | 7 |
| *Mandatory Cash Assistance to Barangays* | 3 | 3 | 8 | 4 | 8 |
| *Assessment Rolls* | 3 | 3 | 8 | 4 | 8 |
| Libreng Tsinelas | | | | | |
| Libreng Gupit ng Buhok | 256 | 211 | 192 | 340 | 208 |
| Libreng Pagtina sa Buhok | 68 | 53 | 51 | 34 | 42 |
| Libreng *Hot Oil* | 244 | 296 | 239 | 197 | 209 |
| Oryentasyon ukol sa Katarungang Pambarangay, *CNPGCEAP*, Mga Batas na Nagbibigay-Proteksyon sa mga Kabataan at Kababaehan | | 29 | 45 | 24 | |
| *Information, Education and Communication (IEC) Campaign Materials* | | 400<br>129 | 254 | 245 | 145 |

***(LT IBASCO)***

# Bagong 1-storey ward ...

*(Mula sa pahina 1)*

kalagayan ng mga pasilidad ng ospital lalo na ang mga pasyente nito. Gagamitin itong batayan ng gobernador sa paggawa ng mga plano at programa para maisaayos ang mga pasilidad ng ospital. Kabilang dito ang layuning makapagbigay ng mas pinahusay na serbisyong-medikal sa mahihirap nating mga kababayan lalo na yaong halos walang pamasahe para magtungo sa *Camarines*

*(Sundan sa pahina 7)*

# Magtanim at kumita sa mga halamang pang-rekado




***Tumanggap ng mga sertipiko sina Malyn Dasallas at Irene Olivar ng OPAg nang sila ay maging resource speakers sa Training on Herbs & Spices. Tinanggap nila ito mula kina EA IV Joey G. Boma at OIC Prov'l. Agriculturist Franz Pajares. Kasama rin dito si Gng. Erlinda Sañez na nangasiwa sa nasabing aktibidad.***

Ginanap ang *Trainer's Training on Herbs and Spices* noong Hulyo 26, 2011 sa *3rd floor Capitol Annex, Provincial Capitol, Daet, Camarines Norte*. Ito ay dinaluhan ng apatnapung (40) *coordinators* at mga lider ng *Rural Improvement Clubs (RICs)* mula sa labindalawang (12) bayan ng lalawigan.

Ang unang bahagi nito ay ang maikling programa kung saan nagbigay ng mensahe si Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado. Ito ay sinundan ng seremonyal na paggawad ng *loan assistance* sa *WLAP Tawig Rural Improvement Club (RIC)* na tinanggap ng pangulo nito na si Gng. Verbina Espinas. Ang paggawad ng *loan assistance* ay pinangunahan ni Gob. Tallado katuwang si *Acting Provincial Agriculturist* Francia B. Pajares ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)*.

Isinagawa ang nasabing pagsasanay sa layuning matutuhan ng mga dumalo ang mga sumusunod: 1) Tamang pamamaraan sa pagpapatubo ng mga halamang pang-rekado sa bawat bakuran; 2) Makilala ang iba't-ibang uri ng halamang pang-rekado; 3) Malaman ang simple ngunit tamang pamamaraan ng pag-ani gayundin ang proseso sa mga halamang pang-rekado; 4) Matutong magluto na ang sangkap ay mga halamang pang-rekado, at 5) Pagkilala na maaaring kumita sa pagtatanim ng mga halamang pang-rekado.

Ang nasabing pagsasanay ay itinaguyod ng administrasyon ni Gob. Tallado sa pamamagitan ng *Research, Extension, Education and Organization Division* ng *OPAg*. Ito ay pinangasiwaan ni Gng. Erlinda G. Sañez, *OPAg senior agriculturist* at *farm home development program coordinator* na nakataga rin bilang *Provincial RIC coordinator*.

Tinalakay rito ni G. Agustin B. Mago, G.O. staff ang paksang *Alternative Health Care*. Naging pangunahing tagapagsalita rin dito si Gng. Marilyn C. Dasallas, *Aquaculturist II/Researcher* ng *Fishery Development Division-OPAg* na tinalakay ang mga paksang *Herbs and Spices: An Introduction*; *Herbs Gardening*, at *Post Harvest and Processing of Herbs*.

Samantala, ang wastong pamamaraan sa pagluluto gamit ang mga *herbs and spices* ay magkatuwang na itinuro nina Gng. Dasallas at *Agriculturist II/Provincial Farm Youth Development Program (PFYDP) Coordinator* Irene J. Olivar. ***HELEN B. ABORDO***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# A Mandate of the Provincial Assessor's Office

Section 219 of Republic Act 7160 also known as the Local Government Code of 1991 stipulates that the provincial, city or municipal assessor shall undertake a general revision of real property assessments within two (2) years after the effectivity of this Code and every three (3) years thereafter.

In this connection, the Provincial Assessor's Office (PAssO) of Camarines Norte, under the leadership of Ms. Annabel M. Defeo, will conduct the General Revision of Real Property Classification with emphasis on the appraisal and assessment of buildings and other improvements.

The Php 840,670.00 project under the General Fund will be completed in December this year. It aims to develop a noble tax base equalizing and updating the appropriate value and classification of the real property based on Resolution No. 069-11- A Resolution Adopting Provincial Ordinance No. 08-11 - "Approving the Schedule of Fair Market Values for the Different Classes of Real Property for CY 2012-2014 for the Province of Camarines Norte".

This is one of the tax measures done to generate funds for all identified programs and services to the public and other development projects of the present administration headed by Governor Edgardo "Egay" Tallado with the support of Vice Governor Jonah Pimentel and the Sangguniang Panlalawigan members. They took the political will to comply with their regular conduct even as this would somehow create varied reactions from various sectors of the locality.

The PAssO's manpower composed only of 8 revisers are currently fast-tracking this project to update its database system and to serve its clients without delay.

Provincial Assessor Annabel M. Defeo said that

(Sundan sa pahina 6)

## Schedule of Market Value for Buildings Effective 2012 - 2014

Province of Camarines Norte
Classification of Buildings

TYPE V FIRE RESISTIVE CONSTRUCTION
- V -A Structural steel and reinforced concrete columns and beams.
- V - B Columns, beams, walls, floors and roofs all reinforced concrete.
- V - C Reinforced concrete columns, beams, floors and walls are hollow blocks reinforced concrete or tile roofing.

TYPE IV - STEEL, IRON, CONCRETE, OR MASONRY CONSTRUCTION
- IV - A Concrete columns, beams and walls – but wooden floor joists, flooring and roof framings and color G. I. roofing with steel truss ; even if walls are in CHB, kitchen and T & B are in reinforced concrete slabs.
- IV - B Concrete columns and beams, but hollow blocks walls and G.I. roofing and wooden truss.

TYPE III -MASONRY AND WOOD CONSTRUCTION
- III - A Reinforced concrete columns, wooden beams, CHB walls, concrete flooring, G.I. roofing and 1st group structural framings.
- III - B Reinforced concrete columns, wooden beams, CHB walls, concrete floor at first level and wooden floors at upper level; part wooden/CHB walls, sidings, cement plaster finish and G.I. roofing.
- III – C Reinforced concrete columns, wooden beams, CHB walls, concrete floor at first level and wooden floor at upper level; wooden sidings, G.I. roofing and 2nd group structural framings..
- III - D Reinforced concrete footings, wooden post, 3rd group wooden structural framings, flooring, sidings and G.I. roofing.
- III - E Reinforced concrete footings, wooden post, 3rd group structural framings, flooring, sidings and G.I. roofing but sub structural members are sub-standard.

TYPE II WOOD CONSTRUCTION
- II - A Wooden post, beams, flooring, sidings, wooden structural framing and G.I. roofing.
- II - B Wooden post, beams, flooring, sidings and G.I. roofing but sub-standard structural framings

TYPE I Wood construction – but the structural elements may be like of Nipa houses and similar structures.

# APW Reynaldo N. Pajarillo, tumanggap ng Certificate of Commendation mula sa pamunuan ng Integrated Bar of the Phil. (IBP) Cam. Norte Chapter

Isinagawa ng *Integrated Bar of the Philippines (IBP) Camarines Norte Chapter* noong Hulyo 9, 2011 ang seremonya sa pagsumpa sa tungkulin ng mga bagong opisyal nito, at ang pagsasalin ng katungkulan sa bagong pamunuan nito. Ang programa na idinaos sa ganap na ika- 7 ng gabi sa *Stroll Jazz Café* ay dinaluhan ng mga abugado sa lalawigan kung saan panahing pandangal si *Atty. Jose Anselmo "Joel" Cadiz, IBP- Solicitor General*.

Ang okasyon ay tinampukan ng pagbibigay ng *IBP CN Chapter* ng gawad-pagkilala sa ilang indibidwal kagaya ni *Acting Provincial Warden* Reynaldo N. Pajarillo. Binigyan ng *certificate of commendation* si *APW* Pajarillo dahil sa pagpapatupad nito ng *Jail Visitation- Legal Aide Program* para sa mga detinedo sa Panlalawigang Piitan. Aktibo itong sinusuportahan ng *IBP CN Chapter* na layuning makatulong sa pagbibigay ng libreng serbisyong-ligal sa mga bilanggo sa *CNPJ*.

Ipinahayag ni *APW* Pajarillo ang kanyang kasiyahan sa tulong na ibinibigay sa kanya ng samahan. Patuloy niyang tinutupad ang kanyang tungkulin bilang isang responsableng lingkod-bayan ng pamahalaang panlalawigan sa ilalim ng administrasyon ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado. ***(ARIES N. BALBAS)***



*Si Atty. Jose Anselmo "Joel" Cadiz, IBP- Solicitor General; Atty. Elaine Gay R. Belen, IBP Camarines Norte Chapter President, at APW Reynaldo N. Pajarillo (larawan mula sa kaliwa).*

# Assessment Levels

The assessment level shall be applied to the fair market value of real property to determine its assessed value and shall be fixed at the following rates herein stipulated:

**A. ON LAND**

| Class | Assessment Level |
|---|---|
| Residential | 8 % |
| Agricultural | 20 % |
| Commercial | 15 % |
| Industrial | 15 % |
| Mineral | 50 % |
| Timberland | 20 % |

**B. ON BUILDING AND OTHER STRUCTURES:**

| Fair Market Value | | Assessment Level |
|---|---|---|
| *1. RESIDENTIAL* | | |
| Over | Not Over | |
| 350,000.00 | | 0 % |
| 350,000.00 | 600,000.00 | 5 % |
| 600,000.00 | 1,000.000.00 | 10 % |
| 1,000.000.00 | 1,500,000.00 | 13 % |
| 1,500,000.00 | 2,000,000.00 | 15 % |
| 2,000,000.00 | 4,000,000.00 | 18 % |
| 4,000,000.00 | 10,000,000.00 | 20 % |
| 10,000,000.00 | 20,000,000.00 | 25 % |
| 20,000,000.00 | | 30 % |
| *2. AGRICULTURAL* | | |
| Over | Not Over | |
| 600,000.00 | | 13 % |
| 600,000.00 | 1,000,000.00 | 15 % |
| 1,000,000.00 | 1,500,000.00 | 18 % |
| 1,500,000.00 | 2,000,000.00 | 20 % |
| 2,000,000.00 | 4,000,000.00 | 23 % |
| 4,000,000.00 | | 25 % |
| *3. COMMERCIAL OR INDUSTRIAL* | | |
| Over | Not Over | |
| 600,000.00 | | 15 % |
| 600,000.00 | 1,000,000.00 | 18 % |
| 1,000,000.00 | 1,500,000.00 | 20 % |
| 1,500,000.00 | 2,000,000.00 | 25 % |
| 2,000,000.00 | 4,000,000.00 | 30 % |
| 4,000,000.00 | 10,000,000.00 | 35 % |
| 10,000,000.00 | 20,000,000.00 | 38 % |
| 20,000,000.00 | 40,000.000.00 | 40 % |
| 40,000,000.00 | 80,000.000.00 | 50% |
| 80,000,000.00 | 160,000.000.00 | 60% |
| 160,000,000.00 | 320,000,000.00 | 70% |
| 320,000,000.00 | | 80% |
| *4. TIMBERLAND* | | |
| Over | Not Over | |
| 300,000.00 | | 45 % |
| 300,000.00 | 500,000.00 | 50 % |
| 500,000.00 | 750,000.00 | 55 % |
| 750,000.00 | 1,000,000.00 | 60 % |
| 1,000,000.00 | 2,000,000.00 | 65 % |
| 2,000,000.00 | | 70 % |

**C. ON MACHINERIES**

| Class | Assessment Level |
|---|---|
| Agricultural | 40 % |
| Residential | 50 % |
| Commercial | 80 % |
| Industrial | 80 % |

**D. SPECIAL CLASSES:** Assessment level for all lands, buildings, machineries and other improvements

| Actual Use | Assessment Level |
|---|---|
| Cultural | 5 % |
| Scientific | 5 % |
| Hospital | 8 % |
| Local Water District | 5 % |
| Government-owned or controlled Corporation engaged in the supply and distribution of water and/or generation and transmission of electric power. | |

Nasa pahina 6-7 ang iba pang schedule of prices

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

Be Safe. Don't give your name and address through the Internet.

# EDITORYAL

## More Blood, More Life

Pinangunahan ng *Department of Health (DOH)* ang pagdiriwang ng bansa sa *National Blood Donor's Month* ngayong taon na may temang, *"More Blood, More Life"*. Ito ay taun-taong isinasagawa sa iba't-ibang panig ng bansa alinsunod sa *Presidential Proclamation No. 1021*, may petsang Hulyo 9, 1997, at sa *Implementing Rules and Regulations of the National Blood Service Act of 1994*.

Sa loob ng 1-buwang pagdiriwang, binigyang-parangal at pagkilala ang mga indibidwal na boluntaryong nag-alay ng kanilang dugo ng walang bayad kasama na ang paghikayat sa mga kwalipikadong magbigay ng kanilang dugo para mapunan ang malawakang pangangailangan ng bansa para sa ligtas, de-kalidad at abot-kamay na suplay ng dugo.

Isinusulong nito ang tema ng okasyon ngayong taon na nakatuon sa pangangailangan sa mas maraming suplay ng dugo para mas maraming buhay ang mailigtas lalo na yaong mga nasa kritikal na kundisyon. Ang suplay ng dugo ay lubhang kailangan ng mga taong naaksidente; mga sanggol na ipinanganak na kulang sa panahon; mga kabataang may *severe anemia*; mga kababaehang may kumplikasyon ang pagbubuntis; mga pasyenteng may *dengue*, kanser, *leukemia* at *blood disorders* ó kaya ay sasailalim sa *heart surgery* ó *organ transplant*, maliban sa iba pa.

Para mas maraming mahimok na mag-alay ng dugo, ipinahayag kamakailan ni *DOH Secretary* Enrique Ona na ang pagbibigay ng dugo ang pinakamahalagang regalo na maibibigay natin sa ating kapwa: ang regalo na magpapahaba sa buhay ng mga maysakit habang napasisigla ang pangangatawan ng nagbigay. Hindi tayo nawawalan ng dugo kapag tayo ay nagbigay sapagkat sa pagbibigay nito, muli nating napupunan ang ating katawan ng bago at mas sariwang dugo. Bawat indibidwal na nagbigay ng dugo ay binibigyan ng kaukulang *blood donor card* na magagamit nila para mabigyang-prayoridad sa suplay ng dugo sakaling kailanganin ito.

Inaasahan na sa pamamagitan nito, maitutuwid ang maling paniniwala ng karamihan ukol sa negatibong epekto ng pagbibigay ng dugo na ang proseso ay tumatagal lamang nang halos isang oras ngunit pangmatagalan ang benepisyo sa nagbigay at tumanggap.

Makiisa tayo sa pag-abot sa adhikain ng *National Blood Donors Month* ngayong taon na:*"More Blood, More Life"*. Huwag na tayong mag-atubili, mag-alay tayo ng dugo ng buhay para sa ating kapwa. NGAYON NA, para sa sandaling tayo naman ang mangailangan ng dugo ay hindi rin tayo pagdamutan ng ating kapwa.

# Gob. Egay's Birthday



Bisperas pa lang ng kaarawan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado noong Hulyo 18, 2011, ang mga opisyal at kawani ng iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan ay personal nang nagpaabot ng kanilang mainit na pagbati sa butihing gobernador. Hindi rito natapos ang pagbati nila kay Gob. Tallado sapagkat kinabukasan, Hulyo 19, na mismong kaarawan nito, dumalo rin sila sa selebrasyon na isinagawa sa tahanan ng gobernador sa bayan ng Labo.

Siyempre pa, hindi rin nagpahuli sa pagbati sa gobernador ang kanyang mga kasamahan sa partido na sina Bise Gob. Jonah G. Pimentel, *Exec. Asst. IV* Jose G. Boma, Bokal Ruth Marie F. Herrera, Daet Mayor Tito S. Sarion, San Lorenzo Ruiz Mayor Nelson delos Santos, at iba pa. Nagbigay sila ng mensahe ng pagbati sa gobernador gayundin ang mga kamag-anak, kaibigan, kasamahan sa partido-pulitikal, ilang opisyal ng pamahalaang nasyonal at lokal, at kababayan lalo't higit ang butihing maybahay ng gobernador na si Gng. Josie Baning-Tallado.

Halos umaga pa lamang ay wala nang tigil ang pagparoo't parito ng mga nais bumati at makipagsaya sa kaarawan ni Gob. Tallado. Sila naman ay malugod at walang kapagurang inasikaso ni 'Mam Josie'.

Ang selebrasyon ay tumagal ng hanggang hating-gabi ngunit hindi nainip ang mga bumati sa gobernador na naaliw sa mga tugtugin at nasiyahan sa masaganang salu-salo at inumin na inihanda ni Gob. Tallado. 'Game' na '*game*' din na umawit si Gob. Tallado ng kanyang mga paboritong awitin na ang ilan ay inihandog niya sa kanyang kabiyak na si Mam Josie. ***LT IBASCO***

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Edgardo A. Tallado, Chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma, Vice Chairman; PDIC-PIA, CAO IV Purita P. Briñas, Atty. Ludivina G. Francisco, Private Secretary/Tourism Officer Designate, DWCN-FM Stn. Manager Rikki Vito, and Museum Curator I Abel C. Icatlo , members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Engr. Wilson V. Porcincula, art/design.

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Melinda L. Jerez; ProVet-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte; PTO-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra; PEO -Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza; PPDO-Marilyn P. Asis; MASCD-G.O.- Aida B. Pandeagua; GSO-Gina B. Racelis, PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Q. Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-G.O.—Dario C. Dime; PCSSD-PGII Virgel T. Zantua; PAssO-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor; PLO-Donna A. Guevarra; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimene & Lilian Rafon; PSEMO-Arnel S. Ferrer, Ernesto R. Andaya.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com




# Makukulay na 'festivals' sa Camarines Norte




<u>**Pangatlong bahagi**</u>

**SIPI NG KASAYSAYAN NI BUSIG-ON**
(Ang *Festival* na ipinagdiriwang ng bayan ng Labo)

Libong taon na ang nakalipas, sa gawing Gitnang Hilagang-Silangan ng Islang kung tawagin ngayon ay Pilipinas, isang lupain ang kinatatayuan ng tribong Tarikan. Ang lupain ay mistulang paraisong luntian, sariwa ang hangin, at malahiganti ang punungkahoy sa kabundukan na tinitirahan ng mga ibon at mga hayop na ilang.

Matingkad na kayumanggi ang kulay ng mga katutubong Tarikan, kulot ang buhok, at karaniwang 4-6 na piye ang tangkad ng mga lalaki na matitipuno dahil sanay sa pangangaso at pagtatanim ng mga pangunahing pagkaing halaman. Ang mga babae naman ay may katamtamang tangos ng ilong, magaganda ang hubog ng katawan at higit na mapusyaw ang kulay kaysa mga lalaki.

Nagsimula ang kwento sa pamamagitan ng madugong pakikipaglaban ng mga magulang ni Busig-On upang ipagtanggol ang mga maliliit na mamamayan mula sa mabagsik na mananalakay. Pinamunuan ni PUGAHAN ang tribong naipagtanggol hanggang sa mapangasawa niya si TARIKAN. Sila ang mga magulang ni BUSIG-ON. Nang ipanganak si BUSIG-ON, siya ay binasbasan ng isang ermitanyo na tinatawag na APO LAYOG. At pinangalanan siya nito na BUSIG-ON na ang ibig sabihin ay TUBIG.

Habang lumalaki si Busig-on, hinasa siya ng mga pantas upang maging isang mahusay na mandirigma. Binusog din siya ng mabubuting aral ni APO LAYOG. Maraming matitinding pagsubok ang pinagdaanan ni BUSIG-ON upang mapatunayan ang kanyang pagiging isang magiting at mahusay na mandirigma.

Dumating ang araw na isang higante ang nagbabantang manalanta sa kaharian ng kanyang lolo, at sinasabing ang mandirigma lang na may pulang balat sa dibdib ang tanging makalulupig dito. Sa malawakang pag iimbestiga, natuklasang si BUSIG-ON ang nagtataglay nito. At sinunod niya ang iniatang sa kanyang tungkulin bilang isang tagapagligtas ng tribong sinasalanta.

Nagawang payapain ni BUSIG-ON ang nagwawalang higanteng si KULAKOG. Binigyan niya ito ng kasama na isa ring higante, si KULABLAB. Naging bayani siya sa mata ng mga tao dahil sa kanyang ginawa na nagpatingkad sa kanya bilang isang magiting na mandirigma.

Sa mga madudugong pakikidigma ni BUSIG-ON upang maipagtanggol ang mga naaapi higit sa lahat ang kanilang tribo, nakaramdam siya ng matinding kasiyahan. Napatunayan ni BUSIG-ON na mahalaga na ang isang magiting na mandirigma ay magkaroon ng pagmamahal sa Diyos, busilak na puso, at sumusunod sa mabubuting payo. Ang mga katangiang ito ay nasa kanyang katauhan.

Nang pumanaw ang ama ni BUSIG-ON, tuluyan ng naatang sa kanyang mga kamay ang pamumuno ng kanilang tribo, hanggang sa mapangasawa niya ang isang magandang babae mula sa tribo ng Tarikan, si MARAYA. Maligaya silang nagsama at nagkaroon ng isang anak na lalaki na si KUDOOK. na siyang pumalit sa pamumuno sa mga Tarikan hanggang dumating ang mga Kastila.

Mula nang mamuno si BUSIG-ON ay wala nang gumambala pa sa Tarikan maliban na lang sa pailan-ilang pagsalakay ng mga piratang dagat na wala namang nagtagumpay. Nang mamatay si BUSIG-ON, inilibing siya sa balikat ng bundok BALYO na binantayan ni KULAKOG. Si KUDOOK ang pumalit sa pamumuno sa mga Tarikan hanggang dumating ang mga Kastila.

Minsan nagkaroon ng tagtuyot sa buong tribo at karatig pook. Labis na napinsala ang Tarikan. Humingi si KUDOOK ng tulong sa kaluluwa ng amang si BUSIG-ON. Nagkaroon ng lindol at gumuho ang lugar na pinaglibingan dito at naghugis balon. Mula rito ay bumukal ang masaganang tubig na naging malaki at mahabang ilog. Sa karangalan ng yumaong hari, ipinangalan ng mga Tarikan kay BUSIG-ON ang nasabing ilog.

Mula nang mamatay si BUSIG-ON, bihira nang magpakita si Tandang Layog sa mga tao. Minsan ay nagpakilala siya sa mga taong kausap niya bilang si APO BAAKAY, ang ermitanyo sa bundok BALAKAY. Ayon sa mga mangangaso, paminsan-minsan ay nagpapakita si Apo BAAKAY upang magbigay-babala sa mga namumutol ng puno sa bundok. Ayon daw sa ermitanyo, ang bundok ng BALAKAY ay isang natutulog na bulkan at kung hindi matitigil ang pagsasamantala rito, maaari itong magbuga ng kamatayan.

Noong 1581, itinatag ng mga kastila ang bayan ng INDAN ngayon ay VINZONS. Kabilang dito ang BUSIG-ON na isang barangay o baryo sa ilalim ng pamumuno ni TARIK KUDOOK.

Minsan sa pagdalaw ng mga misyonerong Kastila, napansin nila ang mga katutubo na naglalaba sa ilog. Lumapit sila at tinanong ang mga naglalaba: ***COMO SE LLAMA ESTE PUEBLO?*** **(Ano ang pangalan ng bayang ito)?**

Hindi nakasagot ang mga babae sa di maunawaang salita. Inisip ng mga babae na nagtatanong ang mga bisita tungkol sa tubig na nagkataon namang napakalabo dahil sa baha. Sumagot ang babae, ***" Ha…a eh!!! MALABO PO, MALABO PO ANG TUBIG!"***

Mula sa tribo ng TARIKAN naging BUSIG-ON. At mula sa tawag na BUSIG-ON ay naging LABO. Ang Labo ay nahiwalay sa INDAN (Vinzons) at naging isang ganap na bayan noong Setyembre 8, 1800.

**BOYUBOY FESTIVAL**
**(San Lorenzo Ruiz)**

Sa bisa ng Sangguniang Bayan *Resolution No. 026-2005*, itinakda ang pagdiriwang ng Boyuboy *Festival* tuwing ika-20 hanggang ika-26 ng Setyembre ng bawat taon na ang mga gawain sa selebrasyon ay nakasentro sa pagpapasigla ng pansosyo-ekonomiko at panturismong industriya ng bayan ng San Lorenzo Ruiz. Ito ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng karagdagang positibong pananaw sa pagunlad ng munisipyo mula sa sapat na panahon at mahabang oras ng pagpaplano upang makamit ang tuluy-tuloy na epekto nito sa komunidad, mamamayan at gobyerno.

Sa pamamagitan ng selebrasyon, isusulong ang epektibo at de-kalidad na mga proyekto na nakasentro sa mga programang panturismo at iba pang proyektong pangkaunlaran ng bayan; maisadiwa ang pagbubukas ng mga alternatibong oportunidad para sa mga tao at magbigay ng alternatibong pang-ekonomikong hakbangin para sa bukas na malawakang pamumuhunan sa merkado. Kabilang dito ang hangaring makalikha ng mga lokal na produkto para sa hanapbuhay at negosyo na makatutulong sa industriya ng turismo. Layunin din nito na maiangat ang antas ng partisipasyon ng komunidad at paunlarin ang kakayahan ng mga kabataan at nakatatanda man. Ang *festival* din ang siyang nagsisilbing daan para maipakita ang pang-artistikong talento, kakayahan at kasanayan ng mga mamamayan nito sa pamamagitan ng 1-linggong gawain na tinatampukan ng sari-saring mga palabas at gawain at selebrasyon ng sining at talino ng mga mamamayan ng San Lorenzo Ruiz.

***(May karugtong sa sunod na sipi)***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# A Mandate ...

(Mula sa pahina 3)

PAssO-CN is set to fine tune the tax mapping and general property revision efforts in order to closely monitor the gradual increase in fair market values of real properties which are dependent on their land classifications. "We hope to pour in more funds in the provincial coffers to respond to the people's clamor for more development projects. This way, we could at least show the continued concern of the government towards a sound and fair local taxation schemes which have become the life-blood of most progressive LGUs. As of press time, among the LGUs of the province, only the Municipality of Vinzons has completed its Real Property Tax computerization", Ms. Defeo added.

The project is estimated to be completed within nine (9) months, the shortest time possible. This can be attributed to the dynamic assistance of Assistant Provincial Assessor Virgilio S. Tuazon and the collaborative efforts of all the employees of their office, and the implementation of the Electronic Real Property Tax System (e-RPTS) which was started in 2006.

The e-RPTS contributes in the speedy and successful completion of the General Revision

(Sundan sa pahina 7)

**Schedule of Base Unit Market Value for Agricultural Land**
Province of Camarines Norte
Calendar Year 2012-2014

| Municipality | Class | Irrigated Riceland | Unirrigated Riceland | Upland Rice | Coconut | Citrus (Lemon) | Fishpond | Swamp | Bulas/ Cogon | Pineapple | Orchard | Banana | Pasture | Nipa | Abaca | Coffee | Agro-Forest |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Basud | 1 | 170,700.00 | 88,600.00 | 41,300.00 | 46,800.00 | 48,300.00 | 122,900.00 | 30,700.00 | 14,000.00 | 94,700.00 | 29,200.00 | | 14,000.00 | | | | |
| | 2 | 136,600.00 | 70,900.00 | | 37,400.00 | 38,640.00 | 98,300.00 | | | 75,800.00 | | | | | | | |
| | 3 | 102,400.00 | 53,200.00 | | 28,100.00 | 29,000.00 | 73,700.00 | | | 56,800.00 | | | | | | | |
| Capalonga | 1 | 148,100.00 | 75,700.00 | 21,800.00 | 40,100.00 | 39,700.00 | 116,000.00 | 29,000.00 | 12,000.00 | 40,400.00 | 23,500.00 | | 12,000.00 | | | | |
| | 2 | 118,500.00 | 60,500.00 | | 32,100.00 | 31,760.00 | 92,800.00 | | | 32,300.00 | | | | | | | |
| | 3 | 88,900.00 | 45,400.00 | | 24,100.00 | 23,800.00 | 69,600.00 | | | 24,200.00 | | | | | | | |
| Daet | 1 | 188,600.00 | 99,900.00 | | 58,100.00 | 55,200.00 | 173,100.00 | 43,300.00 | 17,430.00 | 169,500.00 | 29,400.00 | | 17,430.00 | | | | |
| | 2 | 150.900.00 | 79,900.00 | | 46,480.00 | 44,200.00 | 138,500.00 | | | 135,600.00 | | | | | | | |
| | 3 | 113,200.00 | 59,900.00 | | 34,860.00 | 33,100.00 | 103,900.00 | | | 101,700.00 | | | | | | | |
| J. Panganiban | 1 | 164,400.00 | 85,200.00 | 50,100.00 | 40,600.00 | 39,500.00 | 136,700.00 | 34,200.00 | 16,200.00 | 44,900.00 | 32,900.00 | | 16,200.00 | | | | |
| | 2 | 131,500.00 | 68,200.00 | 40,100.00 | 32,500.00 | 31,600.00 | 109,400.00 | | | 35,900.00 | | | | | | | |
| | 3 | 98,640.00 | 51,100.00 | 30,100.00 | 24,400.00 | 23,700.00 | 82,000.00 | | | 26,900.00 | | | | | | | |
| Labo | 1 | 176,700.00 | 97,700.00 | 58,700.00 | 58,800.00 | 54,100.00 | | | 17,700.00 | 87,800.00 | 39,800.00 | | | | | | |
| | 2 | 141,400.00 | 78,200.00 | | 47,000.00 | 43,300.00 | | | | | | | | | | | |
| | 3 | 106,000.00 | 58,600.00 | | 35,300.00 | 32,500.00 | | | | | | | | | | | |
| Mercedes | 1 | 152,700.00 | 80,800.00 | | 41,700.00 | 36,100.00 | 140,200.00 | 35,000.00 | 12,500.00 | | 24,200.00 | | 12,500.00 | 27,700.00 | | | |
| | 2 | 122,200.00 | 64,600.00 | | 33,400.00 | 28,900.00 | 112,200.00 | | | | | | | | | | |
| | 3 | 91,600.00 | 48,500.00 | | 25,000.00 | 21,700.00 | 84,100.00 | | | | | | | | | | |
| Paracale | 1 | 167,400.00 | 86,900.00 | | 41,200.00 | 37,800.00 | 133,300.00 | 33,300.00 | 16,500.00 | 46,600.00 | 34,600.00 | | 16,500.00 | 36,000.00 | | | |
| | 2 | 133,900.00 | 69,500.00 | | 33,000.00 | 30,200.00 | 106,600.00 | | | 37,300.00 | | | | | | | |
| | 3 | 100,440.00 | 52,100.00 | | 24,700.00 | 22,700.00 | 80,000.00 | | | 28,000.00 | | | | | | | |
| San Lorenzo Ruiz | 1 | 140,700.00 | 56,600.00 | 53,500.00 | 65,000.00 | 33,200.00 | | | 19,500.00 | 96,800.00 | 22,500.00 | | 19,500.00 | | | | |
| | 2 | 112,600.00 | 45,300.00 | | 52,000.00 | 26,600.00 | | | | | | | | | | | |
| | 3 | 67,600.00 | 34,000.00 | | 39,000.00 | 19,900.00 | | | | | | | | | | | |
| San Vicente | 1 | 150,500.00 | 61,700.00 | | 54,100.00 | 40,200.00 | | | 18,900.00 | | 27,700.00 | | 18,900.00 | | | | |
| | 2 | 120,400.00 | 49,360.00 | | 43,800.00 | 32,200.00 | | | | | | | | | | | |
| | 3 | 90,300.00 | 37,000.00 | | 32,500.00 | 24,100.00 | | | | | | | | | | | |
| Sta. Elena | 1 | 146,100.00 | 74,000.00 | 20,000.00 | 40,800.00 | 41,300.00 | 119,400.00 | 29,900.00 | 12,200.00 | | 21,800.00 | | 12,200.00 | | | | |
| | 2 | 116,900.00 | 59,200.00 | | 32,600.00 | 33,000.00 | 95,500.00 | | | | | | | | | | |
| | 3 | 87,700.00 | 44,400.00 | | 24,500.00 | 24,800.00 | 71,600.00 | | | | | | | | | | |
| Talisay | 1 | 178,000.00 | 100,800.00 | | 41,600.00 | 33,100.00 | 105,400.00 | 31,600.00 | 12,500.00 | | 26,000.00 | | 12,500.00 | | | | |
| | 2 | 142,400.00 | 80,600.00 | | 33,300.00 | 26,500.00 | 84,300.00 | | | | | | | | | | |
| | 3 | 106,800.00 | 60,500.00 | | 25,000.00 | 19,900.00 | 63,200.00 | | | | | | | | | | |
| Vinzons | 1 | 168,700.00 | 83,100.00 | | 41,000.00 | 43,000.00 | 102,100.00 | 25,530.00 | 12,300.00 | | 24,900.00 | | 12,300.00 | 29,400.00 | | | |
| | 2 | 135,000.00 | 66,500.00 | | 32,800.00 | 34,400.00 | 81,700.00 | | | | | | | | | | |
| | 3 | 101,200.00 | 50,000.00 | | 24,600.00 | 25,800.00 | 61,300.00 | | | | | | | | | | |

NOTE: In cases when a property is not classified or the Schedule of Market Value of a certain municipality is not fixed, the other municipalities can be adopted as a basis of computation of assessment depending upon the discretion of the Provincial and or Municipal Assessor concerned.

**SCHEDULE OF BASE UNIT CONSTRUCTION COST OF BUILDINGS IN PESO PER SQUARE METER FOR THE PROVINCE OF CAMARINES NORTE EFFECTIVE IN YEAR 2012 - 2014**

| TYPE | V-A | V-B | V-C | IV-A | IV-B | III-A | III-B | III-C | III-D | III-E | II-A | II-B | I |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| One Family Residence | 16,790.00 | 15,180.00 | 13,540.00 | 11,160.00 | 9,470.00 | 8,950.00 | 8,420.00 | 8,020.00 | 5,700.00 | 5,540.00 | 5,010.00 | 4,090.00 | 3,060.00 |
| Two Family Dwellings, Multiple Dwellings | 15,940.00 | 14,960.00 | 12,670.00 | 10,370.00 | 8,950.00 | 8,420.00 | 8,020.00 | 7,520.00 | 6,070.00 | 5,220.00 | 4,250.00 | 3,770.00 | 3,300.00 |
| Assessoria or Row Houses | 13,720.00 | 12,770.00 | 11,160.00 | 7,680.00 | 7,070.00 | 6,540.00 | 6,200.00 | 5,940.00 | 5,250.00 | 4,380.00 | 3,560.00 | 3,240.00 | 2,800.00 |
| Apartments, Hotels, Dormitories,Lodging | 14,960.00 | 13,540.00 | 11,930.00 | 10,370.00 | 8,760.00 | 7,810.00 | 6,910.00 | 6,410.00 | 6,070.00 | 5,010.00 | 4,090.00 | 3,060.00 | 2,800.00 |
| Garage, Cottages, Guardhouse, Cabins, Quarters | 11,560.00 | 10,400.00 | 8,100.00 | 7,150.00 | 6,540.00 | 6,230.00 | 5,620.00 | 5,220.00 | 4,620.00 | 3,640.00 | 2,690.00 | 1,850.00 | 1,450.00 |
| School Building | 16,180.00 | 14,330.00 | 12,670.00 | 10,400.00 | 8,870.00 | 8,260.00 | 7,760.00 | 7,150.00 | 6,400.00 | 5,540.00 | 4,780.00 | 4,090.00 | 3,300.00 |
| Theatre, Church, Assembly Hall | 17,550.00 | 15,490.00 | 12,670.00 | 12,270.00 | 11,770.00 | 11,320.00 | 10,790.00 | 10,370.00 | 9,630.00 | 8,760.00 | 7,920.00 | 6,810.00 | 5,620.00 |
| Hospital, Office, Bank, Condominium | 16,950.00 | 16,710.00 | 15,100.00 | 12,360.00 | 11,660.00 | 10,950.00 | 10,370.00 | 9,630.00 | 8,760.00 | 8,020.00 | 6,680.00 | 6,070.00 | 4,700.00 |
| Factory, Warehouse, Bodega, Storage, Ind'l, Building | 9,630.00 | 8,100.00 | 7,150.00 | 6,410.00 | 5,700.00 | 5,460.00 | 5,010.00 | 4,620.00 | 4,070.00 | 3,640.00 | 3,300.00 | 2,800.00 | 2,400.00 |
| Shopping Center, Restaurant, Store | 14,940.00 | 13,540.00 | 13,380.00 | 9,630.00 | 8,870.00 | 8,020.00 | 7,360.00 | 6,410.00 | 5,570.00 | 4,780.00 | 4,510.00 | 4,090.00 | 3,060.00 |
| Gymnasium, Coliseum | 14,330.00 | 12,770.00 | 11,320.00 | 8,760.00 | 8,020.00 | 7,260.00 | 6,470.00 | 6,070.00 | 5,220.00 | 4,410.00 | 4,090.00 | 3,640.00 | - |
| Bowling Lanes, Disco, Clubhouse, Pubhouse | 15,940.00 | 14,330.00 | 10,530.00 | 10,080.00 | 9,630.00 | 9,260.00 | 9,100.00 | 8,760.00 | 8,020.00 | 7,150.00 | 6,400.00 | 5,510.00 | - |
| Sawmills, Lumber Shed | 16,100.00 | 9,630.00 | 7,520.00 | 6,940.00 | 6,540.00 | 6,230.00 | 5,620.00 | 4,930.00 | 4,090.00 | 3,240.00 | 2,800.00 | 2,160.00 | 1,840.00 |
| Gasoline Station | 12,880.00 | 12,170.00 | 11,090.00 | 8,760.00 | 8,020.00 | 7,150.00 | 6,100.00 | 5,540.00 | 4,780.00 | 4,090.00 | 3,640.00 | - | - |
| Swimming Pool, Bathhouse | 9,110.00 | - | - | - | | - | - | - | - | - | - | - | - |

NOTE:
1.) Factor of increase - constant of ______ % in peso per square meter.
2.) Apply a reduction of 25 % from Market Value at every level of covered floor area for 2-storey or high rise building only beginning at the second floor level
3.) Apply a reduction of 15 % from Market Value for average cost types of buildings roofed with nipa/anahaw shingles.

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Anti-illegal logging ...

(Mula sa pahina 8)

kampanya ni Gob. Tallado na mapangalagaan ang natitira pa nating mga kagubatan at mga likas-yaman dito sa Camarines Norte na walang pakundangang pinagsasamantalahan ng ilang tao at grupo sa nakalipas na panahon para sa kanilang pansariling kapakanan, at hanggang sa kasalukuyan ay patuloy na inaabuso ng ilang kababayan natin na nananatiling iresponsable at makasarili. ***(GCB)***

# 15 traktora ...

(Mula sa pahina 8)

organisasyon mula sa bayan ng Basud; Daet – 2; Jose Panganiban-1; San Lorenzo Ruiz–2; Talisay–1; Vinzons-3, at isa para sa *Farm Equipment Pool* ng pamahalaang panlalawigan.

Kaugnay nito, ang kinauukulang pangulo ng mga organisasyon ay lumagda sa isang *memorandum of agreement (MOA)* sa *EU-SEARCA*, at sa pamahalaang panlalawigan sa pakikipag-ugnayan sa mga kaukulang pamahalaang bayan.

Sa ilalim ng kasunduan, responsibilidad ng mga benepisyaryo ng programa na bumuo ng alituntuning-panloob ng kanikaniyang asosasyon, plano at patakaran sa pagbahabahagi ng mga inani, koleksyon sa pambayad at maipagpatuloy ang proyekto. Kailangang tiyakin nila na ang *farm machinery* ay ginagamit kung saan ito nakalaan. Tungkulin din nila na magkaroon ng rekord ng lahat na magsasakang benepisyaryo ng asosasyon, at kailanman hilingin ay tiyakin ang kahandaan ng rekord para magamit ng *EU-SEARCA* at iba pang *monitoring teams*. Kailangan din nilang magsagawa ng regular na linggugan ó buwanang miting para matalakay ang mga kasalukuyan at bagong isyu/usapin at katayuan ng asosasyon at/ó espesyal na pulong kung kinakailangan. Responsibilidad din nila na magsumite ng buwanang ulat sa pamamagitan ng *MLGU-Municipal Agricultural Office (MAO);* at magbigay ng kopya nito sa *PLGU-OPAg*.

Ang mga organisasyon naman na nabigyan ng traktora sa 6 na bayan ay ang mga sumusunod: Basud – Pang. Nelson Eboña, Matnog *Formosa Pineapple Growers Association* (PB Alex F. Arcillo); Pang. Daisy de Luna, Laniton *Pineapple Growers Assn.* (PB Victor F. Alvarez); Pang. Nimfa Rada, Langga *Pineapple Growers Assn.* (PB Arnel R. Evia); Pang. Jaime Zamudio Jr., Pagsangahan *Pineapple Growers Assn.* (PB Norma P. Zamudio); Pang. Melchor Gutierrez, San Jose *Pineapple Growers Assn.* (PB Digna G. Auro); Daet – Pang. Aldrin Cama, Daet *Pineapple Growers Assn.*, Brgy. Dogongan (PB Eden I. Zabala) at Pang. Nelson Mabeza, Gawad-Kalinga Kapitbahayan *Pinyasan Village*, Brgy. Bibirao (PB Rolando E. Freyra); Jose Panganiban–Pang. Eric Mesa, Gawad-Kalinga *Homeowners Assn.*, Brgy. Osmeña (PB Isaias Aqua); San Lorenzo Ruiz– Pang. Leonardo Echano, Matacong *Pineapple Growers Assn.* (PB Felix A. Quibral) at Pang. Merly Ramores, Mampurog -Maisog-Langga *Pineapple Growers Association*, Brgy. Maisog (PB Vicente F. Gaza); Talisay – Pang. Ranulfo C. Quinito, *Farmers Association of* Brgy. Del Carmen (PB Joel B. Francisco); Vinzons– Pang. Arnel Acal, Sto. Domingo *Pineapple Growers Assn.* (PB Manuel P. Obusan); Pang. Teodorico Julian, Napilihan *Upland Vegetable Growers Assn.* (PB Remberto V. Rogacion), at Pang. Ronilo Octa, Mangcayo *Vegetable Growers Assn.* (PB Erwie Z. Ramos), at Ms. Bessie B. delos Santos, OPAg, *Farm Equipment Pool*, Brgy. Calasgasan, Daet.

Ang Camarines Norte ay mapalad na napili ng *EU-SEARCA* na makatuwang sa implementasyon ng *EC-FPVAS* na ipinatutupad din nito sa iba't-ibang panig ng bansa. Maliban sa pagpapataas ng ani, layunin nito na magkaroon dito ng sapat at tuluy-tuloy na suplay ng pagkain upang mawakasan ang problema ng malnutrisyon sa bansa. ***LT IBASCO***

# Bagong 1-storey ward ...

(Mula sa pahina 2)

*Norte Provincial Hospital (CNPH)* para magpagamot.

Sa maikling programang idinaos bago ang naturang pasinaya, nagbigay ng mensahe ang gobernador kung saan binigyang-diin niya na ang konstruksyon ng bagong *1-storey LDH Ward* ay simula pa lamang ng pagbabago na isasagawa ng kanyang administrasyon. Isusulong niya ang patuloy na pagsasaayos ng mga pasilidad doon para mabigyan ng de-kalidad ngunit abot-kayang serbisyong-medikal ang mga mahihirap niyang kababayan. Pinaalalahanan din niya ang lahat na opisyal at kawani ng *LDH* na sa lahat ng oras ay maging magalang sa pagbibigay ng mahusay at pantay-pantay na serbisyo sa mga pasyente at sa publiko.

Ang pamunuan naman ng *LDH* ay kusang naghanda ng simpleng salu-salo bilang simbolo ng pakikiisa nila sa selebrasyon ng kaarawan ni Gob. Tallado. Lubos itong ikinatuwa ng gobernador sapagkat naramdaman niya ang mainit na pagtanggap at pagmamahal sa kanya ng pamunuan ng *LDH* na sa tuwina'y katulong niya sa paghahatid ng serbisyo-publiko na walang kinikilingan, anuman ang kanilang personalidad, paniniwala at estado sa buhay. ***LT IBASCO***

# A Mandate ...

(Mula sa pahina 6)

of Real Property because of its several features like the Automated General Revision Module for the updating and preparation of Schedule of Fair Market Values. It also contains digitally stored records such as tax declarations and assessment rolls which shall become the basis in the preparation of the required reports of the office as well as the municipal and regional offices. The corresponding (resulting) reports and tax declarations can then be printed immediately as requested by the clienteles.

Based on PAssO's records, there is an increase of Php P14,300,270.00 on taxable properties on the total valuation of real properties made during the 2nd quarter of 2011 covering the province's twelve (12) municipalities.

Along with the conduct of the General Revision of Property Assessment is the increase in the base pay of transfer tax for real properties. The Provincial Assessor's Office also informed that it will soon implement Sangguniang Panlalawigan Ordinance No. 58-08 that will increase the fees for the provision of assessor's annotation and certified copy services. This also includes payment for transfer of tax declarations, and other certifications being required by the Department of Agrarian Reform (DAR) and the Bureau of Internal Revenue (BIR) like the Real Property Holdings, No-Property Holdings, No-Improvement, No Encumbrance, History and certified machine copy of Tax Declarations, and other relevant documents. ***Jepoi/tagum city***

**SUMMARY OF SCHEDULE OF UNIT BASE MARKET VALUES FOR RESIDENTIAL, COMMERCIAL, INDUSTRIAL AND SUBDIVISION LANDS**
**CY - 2012**

| Municipality | RESIDENTIAL | | | | | | | COMMERCIAL | | | | INDUSTRIAL | | | SUBDIVISION | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 1 | 2 | 3 | 4 | 1 | 2 | 3 | 1 | 2 | 3 |
| Basud | 1,300.00 | 870.00 | 470.00 | 210.00 | 120.00 | 80.00 | | 2,040.00 | 1,630.00 | | | | | | 890.00 | 680.00 | 340.00 |
| Capalonga | 1,110.00 | 800.00 | 490.00 | 250.00 | 130.00 | 80.00 | | 1,850.00 | | | | | | | | | |
| Daet | 2,670.00 | 1,710.00 | 1,240.00 | 950.00 | 650.00 | 420.00 | | 10,550.00 | 8,970.00 | 6,120.00 | 4,750.00 | | | | 2,030.00 | 1460.00 | 900.00 |
| J. Panganiban | 1,390.00 | 1,040.00 | 860.00 | 590.00 | 370.00 | 220.00 | | 2,790.00 | 2,230.00 | 1,890.00 | 1,680.00 | | | | | | |
| Labo | 1,530.00 | 1,140.00 | 850.00 | 630.00 | 460.00 | 310.00 | 210.00 | 4,240.00 | 3,390.00 | 2,970.00 | 2,000.00 | | | | | | |
| Mercedes | 1,370.00 | 780.00 | 530.00 | 340.00 | 190.00 | 110.00 | | 2,590.00 | 1,680.00 | | | 830.00 | 650.00 | 470.00 | | | |
| Paracale | 1,260.00 | 1,030.00 | 770.00 | 510.00 | 280.00 | 150.00 | | 2,250.00 | 1,800.00 | 1,350.00 | | | | | | | |
| San Lorenzo Ruiz | 470.00 | 250.00 | 160.00 | 120.00 | 90.00 | 70.00 | | 550.00 | 440.00 | | | | | | | | |
| San. Vicente | 640.00 | 510.00 | 230.00 | 160.00 | 110.00 | - | | 850.00 | | | | | | | | | |
| Sta. Elena | 1,200.00 | 840.00 | 550.00 | 190.00 | - | - | | 2,000.00 | 1,800.00 | 1,500.00 | 1,300.00 | | | | | | |
| Talisay | 1,190.00 | 810.00 | 600.00 | 290.00 | 190.00 | 130.00 | | 1,930.00 | 1,160.00 | | | | | | | | |
| Vinzons | 1,310.00 | 1,070.00 | 630.00 | 290.00 | 200.00 | 150.00 | | 2,000.00 | 1,550.00 | 1,240.00 | 820.00 | | | | | | |

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# 15 traktora ipinamahagi sa 6 na bayan mula sa EC-FPAVAS Project ng EU-SEARCA



Pinangunahan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang pamamahagi kamakailan ng may 15 traktora *(hand tractors)* sa iba't-ibang benepisyaryo nito katuwang si G. Lope Santos, *assistant project development manager* ng *South-East Asian Regional Center for Graduate Study and Research in Agriculture (SEARCA)*. Nakasama nila sa nasabing distribusyon sina Bise Gobernador Jonah G. Pimentel, at Bokal Romeo C. Marmol na tagapamuno ng *SP Committee on Agriculture*, at ang iba pang matataas na opisyal ng pamahalaang panlalawigan.

Ito ay bahagi ng *European Commission-Focused Food Production Assistance to Vulnerable Sector (EC-FPVAS) Project* na pinupunduhan ng *European Union-SEARCA*. Layunin ng proyekto na mabawasan ang insidente ng kahirapan, mapataas ang produksyon at kita ng mga magsasaka at mangingisda man, at matiyak ang sapat na suplay ng ligtas na pagkain dito.

Isa sa mga *development interventions* sa ilalim ng *Upland Food Production Component* ng proyekto ay ang pagbibigay ng naturang makinaryang pansakahan *(farm machinery)*. Ito ay kinabibilangan ng 15 yunit ng *upland hand -tractor with trailer* na bawat yunit ay nagkakahalaga ng P106,000.00 o EU 1,766.66. Isinasagawa ito ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* na pinamumunuan ni *Acting Provincial Agriculturist* Francia Pajares na siya ring tumatayo bilang *Focal Person* ng *EU-FPVAS Project*.

Ang 15 benepisyaryo nito ay ang mga organisadong grupo ng mga magsasaka na hindi kayang bumili ng makinaryang pansakahan. Ito ay kinabibilangan ng 5

(Sundan sa pahina 7)

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 2, BLG. 3 DAET, CAMARINES NORTE HULYO, 2011
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



***Tinatanggap ni Gob. Egay Tallado ang Certificate of Recognition mula kay RD Archie A. Grande, Dir. III ng PDEA Region V bilang pagkilala sa aktibong pagsuporta at mahahalagang nagawa ng administrasyon ni Gob. Tallado sa pagsugpo sa iligal na droga dito sa lalawigan. Pinamumunuan ni Gob. Tallado ang Provincial Anti-Drug Abuse Council ó PADAC dito sa lalawigan. Kasama nila sa larawan si SP Member Romeo Marmol.***

# Anti-illegal logging activities pinaigting ni Gob. Tallado

Ngayong buwan ng Hulyo 2011, tatlong (3) magkakasunod na pangungumpiska ng mga iligal na pinutol na kahoy sa mga barangay ng Tulay na Lupa at Baay sa bayan ng Labo ang naisagawa ng magkasanib na pwersa ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division-Office of the Governor (EERMD-G.O.)*, lokal na tanggapan ng *Department of Environment and Natural Resources (DENR)*, *Philippine Army (PA)*, at grupo ng mga *wildlife enforcement officers (WEOs)*.

Ang nakumpiskang mga kahoy na inabandona diumano ng mga *timber smugglers* ay hinihinalang kinuha sa *Abasig-Matogdon-Mananap Natural Biotic Area (AMMNBA)* at iniwan na lamang sa magkakahiwalay na lugar malapit sa naturang *protected area* upang matakasan ang mga *WEOs* na nagpapatrolya sa lugar.

Unang nagsagawa ng pangungumpiska ang nasabing grupo sa Purok 4, Brgy. Tulay na Lupa, Labo noong Hulyo 4, 2011 kung saan 11 piraso ng nilagaring *White Lauaan* na may kabuuang 94.66 *board feet* ang hinakot ng mga *WEOs* kasama ang ilang tauhan ng *DENR* at *EERMD-G.O.* Ang mga nakumpiskang kahoy ay nasa pag-iingat ni Punong Barangay Alex Zenarosa ng Tulay na Lupa.

Ang 13 piraso naman ng tablon na may iba't-ibang sukat at *species* na umabot sa kabuuang 937.99 *board feet* ay nakumpisa ng grupo noong Hulyo 13, 2011 kasama ang mga sundalo ng *PA* na pinamumunuan ni *T/Sgt.* Angel Pacer sa Sitio Bukuyin, Brgy. Baay, Labo.

Habang nagpapatrolya sa nasabing lugar, ang nasabing mga kahoy ay nasumpungan ng grupo ng mga *WEOs* mula sa mga bayan ng San Vicente, San Lorenzo Ruiz at Labo kasama si *Vice Mayor* Antonio Villamor ng San Vicente. At noong Hulyo 23, 2011 sa Purok 5 ng nasabi ring barangay, 25 piraso naman ng tablon na may iba't-ibang sukat at *species* na may kabuuang 1,630.89 *board feet* ang nakumpiska ng grupo kasama ang *PA* na pinamumunuan naman ni *S/Sgt.* Romeo Abuyo.

Ang nakumpiska namang mga kahoy sa Brgy. Baay ay pansamantalang nakalagak ngayon sa *Provincial Motorpool* sa Brgy. Sto. Domingo, Vinzons, Camarines Norte. Iniwan ito sa pag-iingat ni Christopher Cadag, *storekeeper II* ng *Provincial Engineer's Office (PEO)* habang hinihintay ang pasya at susunod na hakbang mula sa kinauukulang tanggapan para sa kaukulang disposisyon nito.

Sorpresang isinagawa ang pangungumpiska sa mga iligal na kahoy upang mapaigting ang kampanya ng gobernador kontra sa iligal na pamumutol ng mga kahoy sa mga kabundukan ng lalawigan.

Ang naturang mga pagkilos ay bahagi ng mas pinaigting na

(Sundan sa pahina 7)

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com